



Isang Buo at Ganap na Pamilya

(Halaw sa “「創造生命奇蹟」家長分享集” (isang librito tungkol sa pagbabahagi ng mga magulang) inilathala ng Evangelical Lutheran Church Hong Kong, Enlighten Centre)

Si Ling (alyas) at kanyang asawa ay gumawa ng pinakamahirap na pasya sa kanilang buhay – upang isuplong sa Pulisya na ang kanilang anak na babae ay nagdodroga. Handa silang sapitin ang hinanakit ng kanilang anak na babae upang umasa lamang na makakayanan ng kanilang anak na babae na tumigil sa pagdodroga.

Sinabi ni Ling na siya ay may panggitnang uri ng pamilya. Kapwa ang kanyang asawa at siya ay nagmamahal sa kanilang dalawang anak. Hindi sila humihingi nang labis mula sa kanilang mga anak at humihiling lamang sila na pumasa sila sa paaralan. Ang mga anak ay masasabing walang problema sa panahon ng kanilang pagkabata. Ngunit habang lumalaki ang kanilang anak na babae, siya ay naging matigas ang ulo at lumalabas sa mga kasayahan. Sa ilalim ng impluwensiya ng isang grupo ng mga kaklase sa paaralang sekondarya, naging bisyo niya ang paggamit ng Ketamine.

“Noong malaman ko na ang aking anak na babae ay nagdodroga, ako ay nagulumihanan at nabalisa. Ako ay natakot na maaaring mapatay siya.” Sinabi ni Ling na siya ay tunay na naging tuli noong panahon na gumagamit ng droga ang kanyang anak na babae. Siya ay nag-alala na ang kanyang anak na babae ay gumagamit ng droga kapag wala siya sa tabi niya. Pagkatapos nang makailang ulit na pamimilit sa kanilang anak na babae na hindi nagbunga nang anuman, si Ling at ang kanyang asawa ay nag-isip na wakasan ang sitwasyon sa pagpapalayas sa kanilang anak na babae sa kanilang bahay.

Sa isang pagkakataon, ang kanilang anak na babae ay nagbalingyungoy dahil gumamit siya ng mahinang klase ng droga na hinaluan ng pinulbos na salamin at dinala sa ospital. Yamang lumala ang pang-aabuso sa droga ng kanilang anak na babae na hindi na nila kayang kunsintihin, tinawagan ng kanyang asawa ang Pulisya at isinuplong na ang kanyang anak na babae ay nagdodroga. Ang kanilang anak na babae ay naghihinakit sa kanila sa “pagkakanulo” sa kanya sa pagtawag sa Pulisya. Ngunit si Ling at ang kanyang asawa ay hindi kailanman siya iniwan. Hindi nagtagal, nalaman nila na ang kanilang anak na babae ay gumagamit pa rin ng droga kahit na siya ay inilagay sa utos ng pansamantalang kalayaan. Nang may pag-aatubili, ipinagbigay-alam ni Ling sa opisyal ng pansamantalang kalayaan, na nagmungkahi na dapat dumaan ang kanilang anak na babae sa isang boluntaryong rehabilitasyon sa droga.


Sa tulong ng mga panlipunang manggagawa, si Ling ay nagtagumpay na makahanap ng isang sentro ng rehabilitasyon sa droga para sa kanyang anak na babae. Gayunman, nagpatuloy siya sa paggamit ng droga at wala sa katinuan kahit sa araw na nakaharap niya ang tagapangasiwa ng sentro. Sa kabutihang-palad, sumang-ayon ang tagapangasiwa. Nagsumamo si Ling sa tagapangasiwa na tanggapin ang kanyang anak na babae sa sentro. Ang unang beses na dumalaw ang ama sa kanyang anak na babae sa sentro, kinamumuhian pa rin niya ang kanyang ina. Pagkatapos makipag-usap sa mga tulad niya sa ilang panahon, nagkaroon siya ng mga positibong pagbabago at umasa na dadalawin siya ng kanyang ama isang beses kada buwan. Sa pananatili sa sentro nang maikling panahon, ang kanyang anak na babae ay natutong buksan ang kanyang isip sa mga nakapalibot sa kanya, upang ihinto ang pag-abot sa mga materyalistikong pagnanasa at upang isipin ang nararamdaman ng ibang mga tao.

Ang pakikipagsulatan ang naging pangunahing tulay sa pagitan ng dalawang panig na nagpahintulot sa kanila na mag-usap at magpahayag ng kanilang mga damdamin sa isa’t isa. Palaging hinihimok ni Ling ang kanyang anak na babae at sinabihan niya na ang buong pamilya ay sinusupportahan siya, inaalagaan siya at umaasa na makakaya niyang magpursige. Nagbunga ang mga pagpupunyagi ni Ling nang mabasa niya ang liham mula sa kanyang anak na babae na nagsasaad na “sa katapusa’y nakamit niyang muli ang diwa ng pamilya”.

Matapos masaknan ng kanyang anak na babae nang makailang ulit, sinabi ni Ling ang bagay na nagbigay sa kanya ng tapang na magpatuloy ay ang isang napakatradisyonal na paniniwala “Isang buo at ganap na pamilya na hindi nakaliligtaan ang sinuman”. Ibinigay niya ang sumusunod na bilin para sa mga magulang na natuklasan ang kanilang mga anak na gumagamit ng droga at hindi alam ang gagawin:

“Huwag kailanman mawalan ng pag-asa! Patuloy na kausapin sila at bigyan sila ng matiyagang suporta at pagmamahal. Madadama nila ito.”

Mahabang Bakasyon sa Tag-init



Mga tip para sa mga magulang

MANATILING KALMADO kung nalaman mo na gumagamit ang iyong mga anak ng droga. Iwasang magalit, pakinggan muna sila at humanap ng tulong na propesyonal.

- ◆ Pansinin kung mayroong pulbos ang iyong mga anak mula sa di-kilalang pinagmulan, mga supot ng gamot, palarang aluminom, botelyang plastik o karton ng inumin na may dalawang panghithit, maiksing panghithit atbp.
- ◆ Makipag-usap sa iyong mga anak at itimo sa isipan nila ang tamang paggamit ng pera.
- ◆ Mag-ayos ng mga nakapagpapalusog na gawain kasama ang iyong anak sa panahon ng bakasyon ng tag-init.
- ◆ Maging mapagmatyag at turan ang iyong mga anak tungkol sa legal na pananagutan sa paggawa ng mga pagkakasalang may kaugnayan sa droga.

186 186
Kontra-drogang Serbisyo na Tanong sa Telepono

98 186 186
Kontra-drogang serbisyo ng tanong sa pamamagitan ng mga platapormang dagliang pagmemensahe - WhatsApp, WeChat

Gawain	Multa	Pagkabilanggo
Pagmamay-ari o paggamit ng droga	HK\$1,000,000	7 taon
Paglalako ng droga	HK\$ 5,000,000	Habambuhay na pagkakulong

Higit sa 80% ng batang nag-aabuso ng droga ay gumamit ng droga sa bahay

Ayon sa estadistika mula sa “Pangunahing Tagatala ng Pang-aabuso ng Droga”, dumarami ang mga batang nag-aabuso ng droga na gumagamit ng droga sa bahay / bahay ng kaibigan (mula 75% noong 2011 umakyat sa 82% noong 2014), ang kalagayan ay talagang nangangailangan ng pansin ng mga magulang.

Maaaring bisitahin ng mga magulang ang sumusunod na website upang maabot ang ibang nararapat na estadistika sa pang-aabuso ng droga:

http://www.nd.gov.hk/en/statistics_list.htm

